MGA PAGKAWALA NG KURYENTE

Maaaring makaapekto ang pagkawala ng kuryente sa iyong komunidad sa mahabang panahon. Ang pagkawala ng kuryente ay kapag ang iyong kuryente ay nawala nang hindi inaasahan. Ang pagkawala ng kuryente ay maaaring makagambala sa komunikasyon, serbisyo ng tubig, at transportasyon. Maraming lokal na negosyo, groserya, gasolinahan, parmasya, at bangko ang maaaring hindi makapagbigay ng mga regular na serbisyo dahil sa pagkawala ng kuryente. Ang ilang mga medikal na aparato ay maaaring hindi gumana nang walang kuryente.

Mga tip sa kaligtasan sa pagkawala ng kuryente

- Ang mga telebisyon, kagamitan sa kompyuter, at mga washer/dryer, mga game console, fan, ilaw, atbp, ay dapat na tanggalin sa saksakan, lalo na kung ginagamit ang mga ito nang mawala ang kuryente
- Kung ikaw ay gumagamit ng generator, gamitin lamang sa labas at malayo sa mga bintana
- Huwag kailanman gumamit ng gas stove upang painitin ang iyong tahanan
- Gumamit ng mga surge protector
- Ang mga solar na landscape na ilaw ay nagbibigay ng mga ilang sandali ng mahinang liwanag, kaya maaari mong tipirin ang mga baterya ng iyong flashlight para sa mga gawaing nangangailangan ng higit na liwanag
- Panatilihing malamig ang iyong refrigerator/freezer sa pamamagitan ng pagpapanatiling sarado ang mga pinto upang mapanatiling malamig ang iyong pagkain hangga't maaari

- HUWAG gamitin ang iyong ihawan sa loob ng iyong garahe o upang painitin ang iyong bahay
- Huwag kailanman tikman ang pagkain upang malaman kung ligtas itong kainin - **Kapag may duda, ibasura!**
- Iulat ang pagkawala ng kuryente sa iyong mga lokal na opisyal upang masimulan nilang ayusin at maibalik ang kuryente
- Kung nagmamaneho, maging handa para sa four-way stops kung patay o kumukurap ang mga ilaw trapiko

Ready.Illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Emergency Management Agency at
Office of Homeland Security

@ReadyIllinois
ReadyIllinois
@ReadyIllinois
@ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 na oras na Pagtugon (217) 782-7860

Printed by Authority of the State of Illinois 9-24 IOCI 25-0584T 100 copies